

1. Tungkol sa Pangmawalakang Pagsasagawa ng J-Alert Drill sa buong bansa.

Sa ika-19 ng Pebrero bandang alas onse ng umaga magkakaroon ng nationwide drill na kung tawagin ay J-Alert. Sa simula ay pagpapaugong ng sirena at anunsyo na ito ay pagsasanay sa J-Alert at muling papatunugin ang sirena.

Ang pag-aanunsyo ng pagsasanay o drill na ito ay sa pamamagitan ng mga panlabas na speakers na may kabuoang 185 sa iba't ibang lugar ng lungsod. Mayroon din pamhimpapawid anunsyo sa istasyong ito ng FM Kurara at mga disaster prevention radios na automatikong nagbibigay alarma rin.

Ang J-Alert Drill ay isinasagawa upang magbigay babala o impormasyon sa mga emergency na pagkakataon tulad ng malalaking sakuna o ang pagpapakawala ng ballistic missiles mula sa North Korea patungong Japan.

Kaya hinihiling ang pag-unawa ng lahat sa bagay na ito.

2. Ang Pagpapaigting ng Parusa para sa mga Lumalabag sa Pagbabawal sa Pag-gamit ng Telepono habang Nagmamaneho.

Noong nakaraang taon ng Disyembre ay binago ang batas trapiko na kung saan pinaigting ang parusa sa mga lumalabag sa pagbabawal na magmaneho habang gumagamit ng telepono o smartphones gayundin ang pagtingin sa mga car navigations habang pinapatakbo ang sasakyan. Ito ay tinatawag nilang “Nagara Unten” o ang pagsasagawa ng iba pang bagay habang nagmamaneho at maging dahilan upang makagambala sa konsentrasyon sa daan.

Kapag nahuli na gumagamit ng cellphone habang nagmamaneho ay papatawan ng parusang pagkabilanggo na di bababa sa anim na buwan at multa na hindi bababa ng 100,000 yen. Kung ang minamaneho ay regular na sasakyan, ang multa ay 18,000 yen at babawasan ng 3 puntos ang driver’s license.

Kapag ang paggamit ng cellphone ang naging sanhi ng aksidente at nagbigay panganib sa trapiko ang parusa ay pagkabilanggo ng hindi hihigit sa isang taon at multa na hindi bababa ng 300,00 yen. Lahat ng parusa ay saklaw sa batas na ito. Babawasan ng anim na puntos ang lisensya na dahilan na suspendihin na ito at hindi makapagmaneho.

Ang pagmamaneho habang nagtetelepono ay mapanganib kaya dapat nating iwasan ito.

3. Ang Pagpapalawak sa Pagbibigay Konsultasyon sa mga Dayuhan.

Mas pinalawak pa ng TCIEA o ang Tochigi City International Exchange Association ang serbisyong magbibigay konsultasyon sa mga dayuhan ng lungsod sa pamamagitan ng pagdagdag pa ng iba pang mga tagasalin ng ilang lengwahe sa kanilang mga katanungan o nais malaman tungkol sa pamamaraan ng paninirahan dito, pension o buwis, health insurance o usaping medical, tungkol sa trabaho, panganganak, pangangalaga ng bata, edukasyon ng mga anak at pag-aaral ng wikang hapon.

Ginagawa rin ang pagsalin sa wikang hapon ng mga dokumentong isusumite sa munisipyo o sa immigration bureau maging ito ay ang residence, birth o marriage certificates.

Ang mga lengwahe na pwedeng magamit sa konsultasyon ay ang Nihonggo, Ingles, Wikang Intsik, Espanyol, Tagalog, Nepali, Thai, Korean, Singalese at iba pa.

Ang iba pang mga lengwahe ay gagamit na ng Interpreting Machine. Ang konsultasyon ay sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpunta mismo sa consultation counters mula Lunes hanggang Biyernes alas 9:00 ng umaga hanggang alas singko ng hapon. Walang bayad at lahat ng naging detalye ng konsultasyon ay mananatiling pribado.

Kaya gamitin natin ang pagkakataon na ito.